PAGDALAW NG BANAL NA LARAWAN NG INA NG LAGING SAKLOLO

Commentator: Magsitayo po ang lahat.

Pambungad:

Kinatawan ng Dambana:

Taong 1866 nang ipagkaloob ni Papa Pio IX ang Banal na Larawan ng Mahal na Ina ng Laging Saklolo sa Kapatiran ng mga Redentorista. Mula sa kanyang habilin na "ipakilala siya sa buong mundo", naging masigasig ang mga misyonero kaya't ang nasabing banal na larawan ay naging isa sa pinakakilalang banal na larawan ni Inay Maria. Sa araw na ito, ating pinasisimulan ang Icon Mission sa inyong parokya.

Pagkakaloob ng Banal na Larawan:

Kinatawan ng Dambana:

Tanggapin ninyo ang Larawang ng Mahal na Ina at ng kanyang Banal na Anak na ating Panginoong si Hesus. Nawa ang panahong ito ng Kanyang pagdalaw ay maging mabiyayang panahon sa inyo. Tanggapin ninyo si Hesus at Siya na nagmimisyon sa inyo – dumadalaw sa inyong pamayanan at ipinadarama ang pagmahahal ng Ama sa pamamagitan ng Espiritung Banal.

Commentator: Magsiluhod po ang lahat.

PANALANGIN NG PAGTANGGAP

Kura Paroko o Kinatawan ng Parokya:

Sa ngalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo. Amen.

Mahal na Ina ng Diyos at aming Ina ng Laging Saklolo, kami ay lubos na nagagalak sa iyong pagdalaw, na niloob mong maging karapat-dapat na maging tahanan ng aming pagmamahal at paggiliw. Sa mga araw na ito na ikaw ay mamamalagi sa amin, nawa ay basbasan mo ang aming pamilya at komunidad / parokya at manatili sa amin sa pamamagitan ng iyong biyaya sa tuwina. Basbasan mo ang lugar na ito at kaming lahat at iadya kami sa mga masasama. Simula ngayon, iniaalay namin ang aming isip, puso at mga gawa sa iyo sapagkat ikaw ang aming ina. Ipagkaloob mo na kami ay makasunod sa mga utos ng iyong anak na si Hesukristo at ng banal na Inang Simbahan.

Nangangako kami na sa pagdalaw mong ito ay pag-aalabin namin ang tunay na pagmamahal sa Diyos at tunay na debosyon sa iyo nang sa gayon ay matupad namin ang aming tungkulin sa aming sarili, sa aming kapwa at sa lipunan ayon sa kalooban ng iyong Anak. Mamayani nawa ang kapayapaan sa aming parokya at sa buong mundo. Amen.

Kura paroko o kinatawan ng Dambana: Ina ng Laging Saklolo…
Lahat: Ipanalangin mo kami.

PAGDATING NI MARIA SA ATING KOMUNIDAD / PAROKYA

Commentator: Magsitayo po ang lahat.

N: Manalangin tayo sa harap ng Banal na Larawan ng Ina ng Laging Saklolo…
L: Sa pagmamahal kay Hesus, Maria at Jose, manalangin tayo ng taimtim at mula sa ating puso…
N: "Isinaysay ni Hesus ang isang talinghaga upang ituro sa kanila na dapat silang manalanging lagi at huwag manghinawa." (Lucas 18:1)
L: "Panginoon, turuan po ninyo kaming manalangin." (Lucas 11:1)
N: "Kaya't sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa panalangin, manalig kayong natanggap na ninyo iyon, at matatanggap nga ninyo. Kapag kayo'y mananalangin, patawarin muna ninyo ang nagkasala sa inyon upang ipatawad din naman sa inyo ng inyong Amang nasa langit ang inyong pagkakasala." (Marcos 11:24-25)
L: Hinihiling namin ng may pagpapakumbaba na samahan kami ng mga banal at mga anghel sa aming panalangin.

PANANALANGIN (INVOCATION) SA ESPIRITU SANTO

Commentator: Magsiluhod po ang lahat.

N: Halina, Espirtu Santo, puspusin mo ang aming mga puso ng init ng iyong pagmamahal at liwanag ng iyong katotohanan. Isugo mo ang Iyong Espiritu at papanibaguhin mo ang lahat ng bagay.
L: _____ mo kami, O Espirtu Santo, upang ang lahat ng aming isip ay maging banal. Kumilos ka sa amin, O Espiritu Santo, upang ang aming mga gawa ay maging banal. Pukawin ang aming puso, O Espiritu Santo, upang ibigin namin ang mga bagay na banal. Bigyan mo kami ng lakas, O Espiritu Santo, upang ipaglaban ang lahat ng bagay na banal. Ipagsanggalang mo kami, O Espiritu Santo, upang sa lahat ng panahon kami ay maging banal. ***(San Agustin)***
L: ***(awitin o ipahayag)*** **Halina, Espiritu Santo, tagapaglikha, at sa aming kaluluwa ay manahan. Manaog kang taglay ang iyong biyaya at makalangit na saklolo, upang puspusin ang pusong iyong nilikha.**
N: Isugo mo ang iyong Espiritu at

L:

Manalangin tayo:
O Diyos, na nagturo sa puso ng Iyong mga mananampalataya sa pamamagitan ng pagsugo ng liwanag ng Espiritu Santo, ipagkaloob mo sa amin na sa pamamagitan niya na kami ay magkaroon ng wastong paghukom sa lahat ng bagay at magdiwang sa kanyang banal na pagkalinga, sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. Amen.

MALUGOD NA PAGTANGGAP KAY MARIA

N: Ang ina ni Hesus, ang ating Ina ng Laging Saklolo ay dumadalaw sa ating komunidad / parokya. Mainit nating siyang tanggapin.
L: "Matuwa ka! Ikaw ay kalugud-lugod sa Diyos. Sumasaiyo ang Panginoon!" (Lucas 1:28)
N: Binabati ni Maria ang mga anak ng Diyos ng mga salita ng pagmamahal. Makinig!
L: "Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Elisabet. Nang marinig ni Elisabet ang bati ni Maria, naggagalaw ang sanggol sa kanyang tiyan. Napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet. (Lucas 1:40-41)
N: Napakaganda na ang ina ng Panginoong Hesus ay dumalaw sa parokya / komunidad na ito. Buong pakumbabang ipahayag natin kay Maria.
L: "Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon? (Lucas 1:43)
N: Mayroong isang sanhi ng pagbisita ni Maria.
L: "Sinabi ng kanyang ina sa mga naglilingkod, "Gawin ninyo ang anumang sabihin niya sa inyo." (Juan 2:5)
N: Hindi ba't ito ang paraan kung paano magsalita ang masunuring Birheng Maria, pinakamamahal na anak ng Diyos Ama? Paano niya tinugon ang anghel ng Diyos, si Gabriel? Makinig!
L: "Sumagot si Maria, 'Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi." (Lucas 1:38)
L: At pinagpala ang mga nagmamahal at nagpaparangal sa Ina ni Hesukristo, ang ating Panginoon at Manunubos, si Maria, ang Ina ng Laging Saklolo.

AT SINABI NI MARIA

N: "Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon, at nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking Tagapagligtas." (Lucas 1:46-47)
L: O Maria, ipinaglihing walang kasalanan, ipanalangin mo kaming dumudulog sa iyo!
N: "Sapagkat nilingap niya ang kanyang abang alipin! At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi." (Lucas 1:48)
L: O Maria, ipinaglihing walang kasalanan, ipanalangin mo kaming dumudulog sa iyo!

N: "Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan – Banal ang kanyang pangalan! (Lucas 1:49)
L: O Maria, ipinaglihing walang kasalanan, ipanalangin mo kaming dumudulog sa iyo!
N: "Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya, sa lahat ng sali't saling lahi. Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig, pinangalat niya ang mga palalo ang isipan. (Lucas 1:50-51)
L: O Maria, ipinaglihing walang kasalanan, ipanalangin mo kaming dumudulog sa iyo!
N: "Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono, at itinaas ang mga nasa abang kalagayan." (Lucas 1:52)
L: O Maria, ipinaglihing walang kasalanan, ipanalangin mo kaming dumudulog sa iyo!
N: "Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom, at pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman. (Lucas 1:53)
L: O Maria, ipinaglihing walang kasalanan, ipanalangin mo kaming dumudulog sa iyo!
N: "Tinulungan niya ang kanyang bayang Israel bilang pagtupad sa pangako niya sa ating mga magulang." (Lucas 1:54)
L: O Maria, ipinaglihing walang kasalanan, ipanalangin mo kaming dumudulog sa iyo!
N: "Gaya ng sinabi Niya kay Abraham at sa kanyang salinlahi magpakailanman!"
(Lucas 1:55)
L: O Maria, ipinaglihing walang kasalanan, ipanalangin mo kaming dumudulog sa iyo!
N: "Tumira si Maria kina Elisabet nang may tatlong buwan..." (Lucas 1:56)

(Ang Nobena sa Ina ng Laging Saklolo ay dadasalin na ngayon)